
KIDS GOD WORSHIP

www.kidworship.kr

# Ipinako sa Krus si Jesus

– 20th Story–



137Page

**NAR** Pagkatapos, pumunta si Jesus kasama ang mga tagasunod niya sa lugar na kung tawagin ay Getsemane. Pagdating nila roon, sinabi niya sa kanila,

**Jesus** "Maupo muna kayo rito. Pupunta ako sa banda roon upang manalangin."


**NAR** Lumayo siya nang kaunti, lumuhod at nanalangin,

**Jesus** "Ama ko, kung maaari po ay ilayo n'yo sana sa akin ang mga paghihirap na darating. Ngunit hindi ang kalooban ko ang masunod kundi ang kalooban ninyo."

**NAR** Nagpakita sa kanya ang isang anghel mula sa langit at pinalakas siya. Pag-katapos, tumayo siya at binalikan ang mga tagasunod niya, pero nadatnan niya silang natutulog dahil napagod sila sa matinding paghihinagpis. Kaya sinabi niya sa kanila,

**Jesus** "Bakit kayo natutulog? Bumangon kayo at manalangin, upang hindi kayo madaig ng tukso."

---




138Page

**NAR** Nagsasalita pa si Jesus nang dumating ang maraming tao. Si Judas na isa sa 12 alagad ay dumating kasama ang isang pangkat ng mga Romanong sun-dalo at ilang mga guwardya sa templo na isinugo ng mga namamahalang pari at ng mga Pariseo. Nakipagkasundo si Judas sa kanila at ipinagkanulo si Jesus sa halagang 30 pirasong pilak.

**Judas** "Ang babatiin ko sa pamamagitan ng isang halik ang siyang pakay ninyo. Dakpin ninyo siya."

**NAR** Lumapit si Judas kay Jesus at bumati, "Magandang gabi sa iyo, Guro!" saka hinalikan siya. At si Jesus ay dinakip.

---



139Page

**NAR** Tinanong si Jesus ng namamahalang pari.

**High Priest** Sinasabi mo bang ikaw ang Anak ng Diyos?


**Jesus** "Kayo na ang nagsabi. At sinasabi ko pa sa inyo, di na magtatagal at makiki-ta ninyo ang Anak ng Tao na nakaupo sa kanan ng makapangyarihang Diyos at dumarating na nasa alapaap!"

**NAR** Sumigaw ang namamahalang pari sa galit.

**High Priest** Nilalapastangan mo ang Diyos!! Mapaparusahan ka!

**NAR** Sa huli ay napagkasunduan ng mga namumuno sa Israel at namamahalang pari na hatulan ng kamatayan si Jesus. Dinuraan Sya ng mga tao, niloko-loko at binugbog.

---



140Page

**NAR** Kinabukasan, ang mga namamahalang pari kasama ang mga nakatatanda at mga tagapagturo ng Kautusan, ganundin ang buong Korte ng mga Judio nagkasundong itali si Jesus at dalhin kay Pilato.

N A R Marami silang kasinungalingan na pinaratang sa kanya pero hindi nagsalita si Jesus. Alam ni Pilato na walang kasalanan si Jesus. Sa mga panahong iyon, tuwing Paskwa ay nakaugalian na ng Gobernador na magpalaya ng isang bilanggo na gustong palayain ng mga tao kaya nagtanong sya.

Pilate Sino ang gusto ninyong palayain ko? Si Barabbas o si Jesus?


People Si Barabbas! Si Barabbas! Palayain si Barabbas!

N A R Si Barabas ay isang tulisan. Sumigaw ang mga tao na palayain si Barabbas. Natakot si Pilato na magkagulo ang mga tao.

Pilate Kung yan ang nais nyo, sige! Pero wala akong pananagutan sa kamatayan ng taong ito. Kayo ang mananagot.

N A R Sa bandang huli ay pinalaya ni Pilato si Barabbas at ibinigay si Jesus para bugbugin at ipako sa krus.

..........................................................................................................



141Page

N A R Gumawa ang mga sundalo ng koronang tinik at ipinutong kay Jesus, at sin–uotan nila siya ng kulay ubeng kapa. At isa–isa silang lumapit sa kanya at nagsabi,

Soldiers “Mabuhay ang Hari ng mga Judio!”

N A R at pinagsasampal siya. Matapos nilang kutyain si Jesus, hinubad nila sa kanya ang kapa at isinuot muli sa kanya ang damit niya. Pagkatapos, dinala nila siya sa labas ng lungsod upang ipako sa krus. Pinasan ni Jesus ang kanyang krus papunta sa Golgotha pero napakabigay ng krus at natumba Siya sa bigat nito.

Soldiers Tayo! Di ka pwedeng huminto!

N A R Nang nasa labas na sila ng lungsod, nakita nila ang isang lalaking ta–ga–Cyrene na ang pangalan ay Simon. Sapilitan nilang ipinapasan sa kanya ang krus ni Jesus.


..........................................................................................................




142Page

N A R Pagdating ni Jesus sa Golgotha. Kinuha ng mga sundalo ang kanyang suot na damit. Pagkatapos ay ipinako nila ang kanyang mga kamay at paa sa krus. Pinaghati–hatian nila ang kanyang mga damit sa pamamagitan ng palabunutan. Naglagay sila ng karatula sa ulunan ni Jesus, at ganito ang na–kasulat na paratang laban sa kanya: “Ito si Jesus, ang Hari ng mga Judio. Sa gitna ng Kanyang pagdurusa, nanalangin si Jesus.

Jesus “Ama, patawarin mo sila sapagkat hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa.”



143Page



144Page

N A R Nang mag-alas dose na ng tanghali, dumilim ang buong lupain sa loob ng tatlong oras. Nang mag-alas tres na ng hapon, sumigaw si Jesus nang malakas,

Jesus "Dios ko, Dios ko, bakit mo ako pinabayaan?"

N A R Alam ni Jesus na tapos na ang misyon niya. Sinabi nya ang Kanyang mga huling salita.

Jesus "Tapos na!"

N A R Iniyuko niya ang kanyang ulo at nalagot ang kanyang hininga. Nang sandali ring iyon, nahati mula sa itaas hanggang sa ibaba ang kurtina sa loob ng templo. Lumindol sa buong lupain at nagkabitak-bitak ang mga bato. Nabuksan ang mga libingan at maraming banal ang muling nabuhay. Si Jesus, ang Anak ng Diyos ay namatay para sa kasalanan ng mga tao sa mundo.